www.bpsu.edu.ph/PIJIS
ISSN 3028-1725 (Online)
Vol I, No.1, 2023
DOI 10.5281/zenodo.12754415

# Mga Hamon sa Pagtuturo sa mga Guro sa Panahon ng COVID-19 Pandemya: Isang Naratolohiya

[1]Gemma C. Adraneda
[2]Laarni C. Canare
[1,2] Bataan Peninsula State University-Balanga Campus
College of Education

**Abstrakt**

Sa pamamagitan ng pamamaraan naratolohiya ay inalam ng pag-aaral na ito ang mga suliraning hamon sa pagtuturo online sa panahon ng COVID-19 pandemya . Ang mga respondents ay mga 12 guro sa kolehiyo mula sa Bataan Peninsula State University (BPSU) na pinili gamit ang convenience sampling. Parehas ang bilang ng lalaki at babaeng guro sa pag-aaral kung saan ang gulang ay nasa pagitan ng 28 -33 ang pinakabata at 51-55 taong gulang. Halos lahat ng gurong respondents ay may mahabang taon sa pagtuturo na nasa pagitan ng 16 hanggang 33 taong karanasan. Sa pagtuturo online ay malamang ang mga gurong may isang taon lang karanasan. Buhat sa mga datos na nakalap sa interbyu ay siyam (9) na themes ang lumitang na tumugon sa mga katanungan inilahad ng pag-aaral. Ang resulta ng pag-aaral ay naghayag na hindi sapat ang kahandaan ng mga guro sa biglaang shift mula sa tradisyonal na face-to-face to online learning/teaching modality kung kaya ang transisyon ay hindi naging madali lalu na doon sa walang sapat na karanasan at kasanayan sa pagtuturo online. Ang mga suliranin ng mga guro sa pagtuturo online ay naka-apekto sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga estudyante. Ang mga guro ay nasa exploratory stage pa lang at di pa lubos na natutuklasan ang mga opportunities at benepisyo na makakatulong upang maingat ang kanilang kaalaman at kasanayan sa online platform. Ang paghahatid ng kaalaman sa paraan online ay isang kapamaraanan ng pagpapatuloy ng pag-aaral sa panahon na may emergencies at mga di inaatasang pangyayari. Ayon sa mga inuulat na resulta ng pag-aaral ay ipinapanukala ang patuloy na suporta, pagsasanay sa mga guro upang matutunan rin nilang yakapin ang mga hamon ng pagbabago sa edukasyon sa kolehiyo na kalakip ng pagtuturo onlin. Ipinapanukala rin ang kolaborasyon sa pagitan ng lahat na stakeholders sa pangunguna ng mga academicians at mga faculty members upang maisaayos ang mga syllabus na outcome-based teaching ang learning strategies tungo sa isang flexible learning na tutugon sa mga suliranin kaugnay ng pagkatuto ng mga estudyante. Sa suliranin tungkol sa connectivity ay kinakailangan ang sama-samang pagtutulungan ng mga educational institutions, pamahalaan at maging ng pribagong sektor upang makapagbuo ng mga infrastructure at upgrading ng mga nariyan ng mga technological infrastructure upang matugunan ang suliranin ng internet connections na siyang pangunahing transit at medium ng komunikasyon sa paguturo at pagkatuto online. Sa huli, ipinapanukala rin ang mga pag-aaral na mas malawak ang sakop na aalamin rin ang pananaw di lamang ng mga guro, kundi pati mga mag-aaral at ang kanilang mga magulang sa mga suliranin at

opportunities sa paghahatid ng 2 kaalaman gamit ang online modality. Pinapalagay na ang mga output ng mga pag-aaral ay makakatulong upang makagawa ng informed decision upang maisaayos pa ang online learning and teaching sa bansa.

Keywords: Covid-19 pandemya, online teaching, pagtuturo online, virtual, teknolohiya

## Panimula

Ang COVID-19 pandemic ay lumikha ng malaking pagbabago sa takbo ng pamumuhay hindi lamang sa Pilipinas kundi sa buong mundo. Ito ay nagsimula sa China at kumulat sa malaking bahagi ng mundo. Ang pandemyang ito ay sanhi ng novel coronavirus (SARS-COV-2) at lalung kilala bilang COVID-19. Ang epidemyang ito ay walang pinipili bata, matanda, babae, lalaki, mayaman man o mahirap. Subalit sinasabing ang mga matatanda, mga bata at yaong may mga sakit na sanhi ng pagbaba ng “immune system” ay mga “high risks” at mas madaling mahawahan ng virus. Dahil sa bagsik ng “virus” na ito ay nagpatupad ang mga pamahalaan ng mga hakbang upang mapigilan ang pagkalat pa nito. Maraming mga gawain pangkaraniwang ginagawa ng tao ay nahinto o di kaya naman ay nabago. Ang isa sa pinakana-apektuhan ng mga pagbabago sanhi ng pandemyang ito ay ang sektor ng edukasyon. Mula sa datos ng UNESCO (2020) ay 28 milyong estudyanteng Filipino sa iba’t ibang antas ng paaralan ang kailangang tumigil sa bahay.

Ang 3.5 milyong sa mga ito ay mga estudyante na nasa tertiary level mula sa 2,400 higher educational institutions (HEIs). Ang ilan sa mga ito ay gumawa o nagtakda ng mga panuntunan upang maipagpatuloy ng mga estudyante ang kanilang pag-aaral sa kolehiyo (Joaquin,Biana & Dacela). At isa sa mga ito ay ang tinatawag na “modified forms of online learning”. Bukas na ang ideya ng online education sa ating bansa. Ang paggamit ng mga teknolohiya tulad ng “computer”, pag” browse” sa “internet” ay hindi na bago. Ang mga guro ay mayroon na rin “exposure” dito at marahil marami na rin ang may kasanayan dito. Sa katunayan bago pa magkaroon ng pandemya ay inaasahan na ang online platform ay magiging pangunahing paraan ng pagtuturo at pag-aaral (Ventayen,2018).

Sa Pilipinas ang posibilidad ng online education ay may katagalan pa bagaman ito ay umuusad na sa malalaki at pribadong paaralan na may kakayahan na tustusan ang mga teknolohiya at mga pisikal na kagamitan upang maisakatuparan ito. Subalit ang bansa ay nasa papausbong na ekonomiya pa lamang at salat pa ang nakakarami sa teknolohiyang angkop para sa online learning bukod pa sa kakulangan sa mga imprastraktura upang magkaroon ng mabilis na internet connection na lubhang mahalaga upang maitaguyod ang pag-aaral ng birtwal. Subalit dahil sa pandemya ng Covid-19 ang “online education” ay dagliang ipinatupad bilang bagong paraan ng pag-aaral at pagtuturo sa mga paaralan mula sa pinakamababang antas hanggang sa kolehiyo. Ang biglaang paglipat sa “online” dahil sa pandemya ay nakaragdag sa mga “stresses” at dami ng trabaho na nararanasan ng mga guro sa kolehiyo na nahihirapan ng magbalanse ng pagtuturo, pagsasaliksik (research) at mga,” service obligation” 3 bukod pa sa hirap sa pagbabalanse sa pagitan ng trabaho at buhay (Rapanta, et al,2020).

Kaugnay nito ay ninais ng may akda na maghain ng isang pag-aaral na naglalayon na tingnan ang mga hamon sa mga guro sa kolehiyo sa panahon ng pandemya ng Covid-19

www.bpsu.edu.ph/PIJIS
ISSN 3028-1725 (Online)
Vol I, No.1, 2023
DOI 10.5281/zenodo.12754415

ugnay sa kanilang kahandaan o readiness saonline education. Layunin ng pag-aaral na higit na maunawaan kung ano ang sanhi ng mga suliranin, pangamba kung mayroon man ng mga guro sa pagtuturo online sa tertiary level.

## Layunin ng Pag-aaral

Ang pag-aaral na ito ay aalamin ang mga hamon sa mga guro sa panahon ng Covid-19 pandemic ugnay sa kanilang kahandaan sa pagtuturo online.

Naglalayon na alamin ang sumusunod:

1. Nagkaroon ba ng pagkakataon na makapaghanda ang mga guro sa pagtuturo online?
2. Ano ang mga suliraning nararanasan ng mga guro na nagsisilbing hamon sa kanilang pagtuturo online?
3. Ano ang mga expectations (inaasahan) ng mga guro sa pagtuturo online?

## Balangkas Teoretikal/Konseptwal ng Pag-aaral

Sa isinusulong na pag-aaral na ito ay ginamit ang pamamaraan naratolohiya upang mabatid ang mga hamon kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo sa panahon ng Covid-19 pandemya ugnay sa kahandaan nila sa online education. Sa pamamaraang ito ay nais tingnan ang kahandaan ng mga guro sa online teaching upang maunawaan ang mga hamon na kinakaharap nila sa pagtuturo sa panahon ng COVID-19 pandemya.

Ayon sa Contingency theory ang isang organization ay isang open system na kailangang maka-agapay sa nagbabagong kapaligiran. Kung ipapaliwanag ang epekto ng online education sa pagtuturo sa panahon ng Covid19 ay maaaring gamitin ang teoryang ito na nagsasabi na kailangan maka-agapay ang mga guro sa mga pagbabago kaugnay ng kanilang pagtuturo. Ang dagliang pagbabago, pagtigil (disruption) sa normal na gawi ay nagiging sanhi ng pagkabahala, pagkalito at distress na isang pangkaraniwang response ng tao sa pagbabago (Schafer,2012). Sa teorya ng pagbabago ang tuon ay nasa epekto at tugon o response ng indibidwal sa isang pagbabago. Subalit ang response sa mga pagbabago ay naaayon sa kahandaan ng indibidwal na ito-sa pagbabagong ito. Sa pag-aaral, ang mga hamon, tulad ng mga suliranin kaugnay ng online teaching at mga saloobin ng mga guro ay features kung gaano kahanda ang mga ito sa pagbabagong ito. Ang pagpapatupad ng mga Pamantasan at kolehiyo ng online education upang di maputol ang pag-aaral ng mga mag-aaral sa tertiary level ay isang reactive response- o pagtugon sa sitwasyon o crisis –ang pandemya.

Tulad ng nabanggit na ang pangsamantalang pagsasara ng mga paaralan kabilang ang mga Pamantasan ay bahagi lamang ng pamamaraan upang maiwasan ang pagkalat ng virus. Ipinaliwanag ng mga "teacher educators" na ang "transitioning" sa online teaching dahil sa crisis (tulad ng pandemya) ay binago ang "normal 4 longitudinal perceptions" ng paghahanda at kahandaan (Cutri, Mena & Whiting, 2020). Ang pandemya ay nagkaroon ng pangangailangan sa mga guro na mag-transition sa online teaching kahit na kaunti o walang paghahanda ang mga ito at hindi nabigyan ng katiyakan kung ito ay pansamantala lamang o

www.bpsu.edu.ph/PIJIS
ISSN 3028-1725 (Online)
Vol I, No.1, 2023
DOI 10.5281/zenodo.12754415

magiging permanente. Sa pag-aaral tungkol sa kahandaan (readiness) ay mahalagang malaman kung anong pangyayari o circumstance ito gagamitin.

Ayon sa ilang pananaw na nabanggit sa pag-aaral ni Naji at iba pa, ang mga literature tungkol sa readiness for change o kahandaan sa pagbabago ay nakatuon sa pagbabago na pinaghandaan at itinataguyod ng pamunuan. Ang kahandaan (readiness) ay maunawaan sa pagtutol o pagsangayon sa isang pagbabago. Kapag ang mga guro ay hindi handa ay maaring maging negatibo ang kanilang pananaw at mababaw hanggang sa walang motibasyon upang maging committed sa online teaching.

Ang intensyon at reaksyon ng indibidwal ay bunga ng kanilang kahandaan at mayroon impact sa outcome ng online education (Naji, et al. 2020). Sinusugan ng pag-aaral na ito ang teorya o pananaw na ang readiness o kahandaan ang puno't dulo sanhi ng mga suliranin at hamon sa mga guro sa online teaching. Ang mga suliranin ay bunga ng mga pagbabago na hindi napaghandaan at napagplanuhan sa isang di inaasahang pangyayari tulad ng pandemya. Ang teorya hinggil sa kahandaan ay siyang naging batayan sa pagbuo ng conceptual framework sa pag-aaral na ito batay sa pamamaraang naratolohiya upang ma-explore ang mga hamon sa pagtuturo ugnay sa kahandaan ng mga guro sa online teaching. Ang interview ay ang pangunahing pamamaraan ng pagkolekta ng mga datos na siyang magiging basehan ng pagtaya ng kahandaan ng mga guro at ng kanilang mga inaasahan o expectations na bunga ng pagtuturo sa online.

## Kaugnay ng Literatura at Pag-aaral

Inihayag ni Mouza (2020) sa isang artikulo, na ang pagsasara ng mga paaralan sanhi ng Covid-19 pandemya ay nangangailangan ng bagong modelo para sa kahandaan at edukasyon ng mga guro upang maging epektibo sa pagsasama ng teknolohiya sa pagtuturo sa pisikal man o "virtual" na lugar. Ang mga suliranin at hamon sa mga guro sa online education ay binigyan pansin sa panulat ni Malindog-Uy (2020). Ayon sa kanya ay may pangangailangan ng iupdata ang mga guro na hindi sanay at gamay sa "dynamics" ng teknolohiya ay kailangang mag-upgrade ng kanilang kaalaman dito. Kinakailagan ng mga guro na magkaroon ng karampatang lebel ng kompetensya at kasanayan kailangan kung ang pagtuturo at pag-aaral online ay maging epektibo. Kung wala ng mga ito, maaari itong maging hadlang sa isang matagumpay na "online learning" (Malindog-Uy,2020).

Ayon kay, Major (2015), napakahalagang pag-ukulan ng pansin ang kahandaan ng mga guro kung nais na baguhin ang pagtuturo sa pamamagitang ng online. Upang magbahagi ng kaalaman sa online ay kinakailangang may kakaibang kakayahan tulad ng mataas na antas ng "sensory skills" tulad ng abstraksyon, "inference" at pagbabalangkas at pagpapaliwanag upang makapagbahagi ng kaalaman sa online. Samantala itinuturing na ang pinakamahalaga at mabigat na hamon sa mga paaralan ay nag-ugat sa kanilang kahandaan sa pagharap sa krisis na sanhi ng pandemya (Bhagat & Kim,2020).

Ilang pananaw ang binigyan pansin nila tungkol sa kahandaan ng mga "educational institutions". Ang pagkakaroon ng alinlangan sa kahandaan ng mga educational institution ay naihayag nina Houlden at Veletsianos (2020). Bunga nito ang hindi maayos na paggamit ng paaralan sa kanilang resources at pati ang pagkakaroon ng mga estudyante may

www.bpsu.edu.ph/PIJIS
ISSN 3028-1725 (Online)
Vol I, No.1, 2023
DOI 10.5281/zenodo.12754415

limitadong access sa internet at technology ay makaka-apekto rin sa kakayahan ng mga paaralan na tumugon sa pangangailangan at kakayahan ng mag-aaral na sumabay sa "online learning environment (Zhong,2020). Ayon kay Lagua (2020), ang online learning platform ay may kaakibat na maraming suliranin. Sinabi niya na ang online na pagtuturo at pag-aaral ay nangangailangan ng pagpa-plano, preparasyon, kasipagan at kasanayan.

Dahil sa kinakailangan ipatupad ang online classes upang maiwasan ang pagkalat ng Covid -19 virus, ito ay nangangailangan rin ng transpormasyon ng mindset. Ito ay nagiging hamon sa mga guro na kinakailangan na maka-agapay na mayroon matinding sensitivity sa online format. Hamon din para sa mga guro ang access sa internet at pagkakaroon ng stable connection dito at gayundin ang kasanayang gumamit ng mga teknolohiyang kailangan sa online instruction (Alea,L. et al.,2020). Sinabi ng isang pag-aaral na ang Covid-19 pandemya ay nagbunga ng mga hamon sa mga paaralan lalu na sa kolehiyo.

Ang partikular na hamon ay ang mabilisan at di inaasahan pagbabago kung saan ang mga courses ay ituturo online sa halip na sa loob ng pamantasan. Sa new normal ito ang virtual classroom. Sinabi pa ng mga may akda na ang pagtututro ang pag-aaral ay nangangailangan ng "pedagogical content knowledge (PCK) kaugnay sa desenyo at pagsasaayos para sa mainam na learning experiences at makabuo ng isang learning environment sa tulong ng digital technolohiya (Rapanta, et.al.,2020). Kaugnay nito, ang mga guro ay dapat mayroon kaalaman at kakayahan sa pagtuturo at paggamit ng mga technolohiya (Tria,2020). Sa pag-aaral ni Ozudogru (2020) ay nabatid na ang mga kinakaharap na suliranin ng mga guro ay nahahati sa limang themes na inilantad ng mga datos na nakuha sa mga pakikipanayam sa mga pre-service teachers mula sa Turkey. Mula sa qualitative study ni Ozudogru ay nalantad ang mga themes kung saan na identified ang mga suliranin kinakaharap ng mga gurong na-interbyu. May mga suliranin bunsod ng implementasyon ng distance learning, tulad ng mataas na workload; mula sa mga mag-aaral ay nabanggit ang kawalang ng epektibong komunikasyon at interaction.

Bukod dito ay ang mga suliranin kaugnay ng mga teknikal na aspeto na tinawag niyang mga impossibilities o barriers sa matagumpay na pagtuturo online. Ang mga ganitong suliranin ay hamon lalu na sa mga gurong walang kahandaan na ayon sa pag-aaral nina Sareen at Nangia (2020). Paraan ng Pananaliksik Desenyo ng Pag-aaral Ang pag-aaral na ito ay isang naratolohiya. Ang naratolohiya ay isang uri ng qualitative research na naglalayon na saliksikin at i-conseptualize ang karanasan ng subjects sa isang sitwasyon. Ito ang desenyo na ginamit sa pag-aaral na ito na nagnanais na malaman ang mga hamon sa mga guro sa pagtuturo online sa panahon ng pandemya batay sa kanilang kahandaan. Paraan ng Seleksyon ng mga Guro Ang Bataan Peninsula State University (BPSU) ang lokal kung saan isinagawa ang pag-aaral. Ang mga guro na nagtuturo sa tertiary level ay ang napiling respondents sa pag-aaral. Ang tinatawag na convenience sampling ang ginamit na paraan ng pagpili ng mga guro na kasali sa pag-aaral. Dahil sa pandemya kung saan may limitasyon ang mga pagtitipon-tipon kung kaya ang bilang ng mga subjects na guro ay na limitahan sa 12 o 24% sa tinatayang 50 guro ng BPSU. Ang mga napiling guro ay tanging yaong lang mga nagtuturo online sa mga mag-aaral na nasa tertiary level. Ang pagkuha ng datos ay mula sa panayam o interbyu sa mga napiling mga guro na ginawa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga health protocols na ipinatutupad sa panahon ng pandemya. Pagsusuri sa Datos Ang

www.bpsu.edu.ph/PIJIS
ISSN 3028-1725 (Online)
Vol I, No.1, 2023
DOI 10.5281/zenodo.12754415

unang hakbang sa pagsusuri sa mga datos ay ang pagta-transcribe sa interbyu. Masusing pagsubaybay ang ginawa sa prosesong ito, upang matiyak na tama, walang labis at walang kulang ang transcription na ginawa. Isinalang ang tape upang mapakinggan at masundan at matiyak na tapat ang pagkakatranscribed ng encoder sa mga sinabi ng bawat guro sa interbyu. Ang pagsusuri sa mga datos ay ayon sa content analysis na ginawa upang ma-identify ang mga specific characteristics ng mga mensahe mula sa mga narratives ng mga gurong respondents.

## Resulta ng Pag-aaral

### Demographic Profile ng mga Guro

Sa unang table ay makikita ang distribusyon ng mga gurong respondents ayon sa kanilang kasarian; gulang at bilang ng taon bilang mga guro.

**Table 1. Demographic Profile of the Respondents**

| Kasarian | No. of Respondents | % |
|---|---|---|
| Lalake | 06 | 50 |
| Babae | 06 | 50 |
| **TOTAL** | **12** | **100** |
| | | |
| **Gulang** | | |
| 33-38 taong gulang | 02 | 17 |
| 39-44 taong gulang | 0 | 0 |
| 45-50 taong gulang | 07 | 58 |
| 51-55 taong gulang | 03 | 25 |
| **TOTAL** | **12** | **100** |
| | | |
| **Bilang ng Taong karanasan sa Pagtuturo** | | |
| 15 taong pababa | 01 | 08 |
| 16-21 | 03 | 25 |
| 22-27 | 06 | 50 |
| 28-33 | 02 | 17 |
| **TOTAL** | **12** | **100** |

www.bpsu.edu.ph/PIJIS
ISSN 3028-1725 (Online)
Vol I, No.1, 2023
DOI 10.5281/zenodo.12754415

Ang panayam na ginawa sa mga gurong respondents ay ibinatay sa mga katanungan itinaas sa pag-aaral na ito. Ang mga katanungang ito ay ang sumusunod:

1. Nagkaroon ba ng pagkakataon na makapaghanda ang mga guro sa pagtuturo online?
2. Ano ang mga suliraning nararanasan ng mga guro na nagsisilbing hamon sa kanilang pagtuturo online?
3. Ano ang mga expectations (inaasahan) ng mga guro sa pagtuturo online?

Siyam na tema (themes) ang nasala mula sa mga datos na nakalap sa mga katugunan ng mga gurong respondents sa pag-aaral.

1. Nagkabiglaan kaya't walang sapat na paghahanda.
2. Ang adjustment mula sa tradisyonal na paraan tungo sa pagtuturo online ay nakasalalay sa karanasan at kaalaman sa paggamit ng mga teknolohiya tulad ng computer.
3. Connectivity at mga bagay na may kaugnayan sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo online
4. Maraming distractions, walang focus, walang interes at interaksyon sa pagitan ng guro at estudyante
5. Matrabaho at matagal na nakababad sa mga devices na nakaka-apekto sa paningin.
6. Inaasahan na malinang ang responsible at independent or self-learning sa mga estudyante.
7. Upgrade o itaas ang antas ng kaalaman at kakayahan sa paggamit ng mga teknolohiyang pang online
8. Convenience o ginhawa, time-controlled management, multi-tasking at health and safety.
9. Paraan ng pagpapatuloy ng pag-aaral sa panahon ng walang katiyakan o 'uncertainties'

**1. Nagkaroon ba ng pagkakataon na makapaghanda ang mga guro sa pagtuturo online?**

**Theme 1. Nagkabiglaan kung kaya't walang sapat na paghahanda**

Ang unang tema ay tinugon ang katanungan kung nagkaroon ng pagkakataon na makapaghanda ang mga guro sa pagtuturo online. Halos lahat ng mga gurong napili sa pag-aaral na ito ay nagsabi na ang paghahanda sa dagliang pagtuturo online ay hindi sapat Nang tanungin kung nakapaghanda para sa pagtuturo online ang sagot ng

*Respondent 1 ay: "*

*…Hindi po Ma'am kasi first time ko pong gagamit ng google classroom. Although, ginagamit po namin siya sa Masteral, pero hindi po kasi kami yung palaging nagpe-present. Usually, po yung mga classmates ko medyo nahirapan po akong gamayin siya. Nag-aaral pa kong aralin yung google classroom via youtube. Tapos dahil hindi siya yung official na meet, may mga kulang po siya na application sa google classroom unlike po sa Gsuite mayroon siya".*

www.bpsu.edu.ph/PIJIS
ISSN 3028-1725 (Online)
Vol I, No.1, 2023
DOI 10.5281/zenodo.12754415

Si Respondent 2, ay itinuring na parang paghahanda ang paggamit sa klase ng internet sa mga activities na kinakailangan ang internet connection. Kung kaya naiisip niya na ito ay isang paghahanda na rin niya sa pagtuturo online.

*Ayon kay Respondent 2 "…*

*Kasi dati yung sa subject ko naman na Medical Sciences, ever since po kahit face to face pa. May mga times na online kami dahil kailangan namin ng net... Kaya ang ginagamit pa rin namin iyon Ma'am, ngayon ko lang nalaman na in a way na parang paghahanda iyon. Kasi naman nagkapandemya at hindi natin alam na magkaka-pandemya". Sinabi ni Respondent 3 na lahat ay halos hindi handa sa pagtuturo online dahil nagkabiglaan.*

Sa tanong kung nagkaroon ng pagkakataong makapaghanda sa online teaching ay sinabi niya na:

*"Definitely lahat tayo ay hindi kasi nagkabiglaan. As I remember March 17 yata iyon, nang biglang nag-announce na wala ng papasok. As in hindi walang pasok, kung hindi wala ng papasok sa school lahat ng empleyado at estudyante. And then, kinabukasan nga noon ang alam ko midterm exam natin? Hindi ba? So, ibig sabihin hindi tayo lahat handa although ipinagagamit na sa atin yung google classroom noon na nag-seminar pa tayo. Pero hindi naman ganoon kabilis na makuha mo yung record ng estudyante. Ang problema kasi talaga yung communication, iyong online…online na communication natin. So iyon ang naging problema hindi tayo…wala kasing I don't know. Basta ang alam ko walang nagkaroon ng paghahanda …nagkabiglaan."*

*Ayon kay Respondent 4 ay hindi sapat ang mga initial training. Sa kanyang tugon ay sinabi niya na: ". Pero iyong kahandaan pala hindi lang sa ganoon eh, pagka talagang nandoon ka na … sa sitwasyon, di mo talaga masasabi na… ganoon ka ka-prepared. Halos iisa rin ang tugon ni Respondent 5, na kahit na mayroong training ay hindi sapat lalu na't biglaan. Ang mga tugon ng iba pang respondents ay nagsasabi na bagaman mayroon mga pagsasanay at paghahanda ang mga ito ay hindi sapat sa biglaang pagtuturo online. Tulad ng sagot ni Respondent 9 na ang training ay saglit lamang kaya hindi sapat sa biglaang pagtuturo online. "Oo, pero saglit lang di ba. Kasi… anong tawag dito, kumbaga hindi naman tayo ready kaagad … doon sa online dahil nga sa pandemic—biglaan."*

**Theme 2. Ang adjustment sa pagtuturo online mula sa face-to-face ay naaayon sa karanasan at kasanayan ng guro**

Sa ikalawang theme na nakalap sa mga datos ay naghayag na may epekto ang karanasan at kasanayan ng guro sa kanyang adjustment mula sa pagtuturo sa tradisyonal na face to face tungo sa pagtuturo online. Tulad ng makikita sa Table 2 ang nakakarami sa mga gurong kasama sa pag-aaral (75%) ay may isang taon karanasan sa pagtuturo online; samantalang ang natitirang 25% ay may 2 o higit pang taong nagtuturo online.

Sa ikalawang theme na nahayag mula sa mga panayam o interbyu sa mga gurong respondents ang kaugnayan ng karanasan sa pagtuturo online ng mga guro at kanilang kaalaman o kasanayan sa paggamit ng mga teknolohiya sa paghahanda at adjustment para sa virtual o online teaching.

www.bpsu.edu.ph/PIJIS
ISSN 3028-1725 (Online)
Vol I, No.1, 2023
DOI 10.5281/zenodo.12754415

Si Respondent 1 ay may isang taon karanasan sa pagtuturo online. Sinabi niya na bagaman mayroon siyang training ay nahirapan pa rin siya sa pag-adjust mula face-to-face tungo sa virtual class.

*Ayon sa kanya: "[m]edyo…nahirapan lang pagdating doon sa ibang way …kung paano…ngayon kasi hindi na siya basta power point lang medyo naging dagdag lang,,,Kasi kailangan ko ng magbigay ng link…Ili-link ko pa siya sa presentation sa Youtube. Medyo nanibago ako pagdating doon, sa power point walang problema e pero sa other means, medyo doon nagkakaroon ng adjustment kung paano ko maitatawid talaga. Kahit may training, mga seminars at mga pagsasanay ay hindi garantiya sa isang madaling pag-a-adjust."*

Ayon kay Respondent 4 na may 2 taon karanasan sa online class, maraming mga di inaasahan sitwasyon na haharapin ang isang guro sa online teaching. Subalit ayon sa kanya dahil sa may karanasan at may training ay hindi gaanong mahirap ang adjustment.

Sinabi ni Respondent 4: "…may previous experience na ko sa graduate school kaya hindi na ako ganoon kahirap pagdating sa preparation…"pero mayroon pa rin akong mga…adjustments".

Ganito rin ang saloobin ni Respondent 5. Ayon sa kanya, ang mga pagsasanay sa paggamit ng iba't ibang platform sa paggawa ng module ay hindi naman madali itong i-apply lalu na ayon sa requirements ng paaralan.

*Ayon kay Respondent 5 : "[m]ahirap gumawa ang module lalu na sa klase ng format na ibinigay sa'tin ng university…mahirap i-translate na parang ….makikipag-usap ka sa estudyante…It would take time para ma-conceptualize mo at isulat lahat yon" .*

Ito ay pananaw rin ni Respondent 6.

Bagaman naka- attend siya ng mga seminars at training sa webinar bago nasalang sa mga online classes ay inamin niya na mahirap at :"…medyo matrabaho po yong encoding ng lesson para po mai-convert siya sa module type". Ayon pa rin sa gurong respondent na ito, kailangan itong i-ayon sa syllabus base sa requirement ng Pamantasan upang umangkop sa tinatawag na blended learning.

Tulad nila ay naghayag si Respondent 7 na ang mga training at paghahanda sa online teaching ay hindi sapat kung kaya ang pagsasalin at adjustment ay hindi mabilis. Ganito rin halos ang sinabi ni Respondent 8. Hindi naging madali ang adjustment at preparation tungo sa virtual class dahil kailangan pag-aralan ang LMS (Learning Management System) at kailangan ma-explore yong mga bagong features nito para magamit. Tulad nila sinabi ni

*Respondent 11 na ang paghahanda ay hindi sapat sa preparation sa pagtuturo online na ayon sa kanya ay inabot "…higit 7 buwan ang paggawa at pagsasalin… "*

Sa kabilang dako ang kasanayan at kaalaman sa paggamit ng mga teknolohiyang pangkomunikasyon ay nakatulong sa mga guro na makapag-adjust sa online teaching at hindi gaanong nahirapan.

Sa kaso nina Respondents 2 at 3 ang kaalaman, karanasan at training ay mga advantages sa adjustment mula sa tradisyonal na klase patungo sa virtual na klase. Sinabi ni Respondent 2 na mayroon siyang kaalaman sa virtual class.

*Ipinaliwanag niya na sa: "…pagdating po sa virtual hindi po ako masyadong nahirapan. Kasi noong hindi pa po online lahat po ng lecture ko is naka-power point na. So*

www.bpsu.edu.ph/PIJIS
ISSN 3028-1725 (Online)
Vol I, No.1, 2023
DOI 10.5281/zenodo.12754415

*ready to present na lang (po) siya, tapos plus po doon kapag video presentation may mga naka-ready na siya sa Youtube. Ida-download na lang, ise-send na lang (po yong link sa bata plus na po nakamodule na sila. May hawak silang module na susundan…additional information na lang (po) yong sa akin". Ganito rin halos ang kaso ni Respondent 3. Sinabi nito na : "…sa case ko kahit paano naman knowledgeable ako sa computer, sa online, madali lang din. Madali ang preparation ng teacher na may alam sa online, may alam sa computer, may alam sa (ika nga) sa technology…sa paghahanda sa akin personally, mabilis kasi nga nag-seminar na tayo".*

Ang mga tugon nina Respondents 9 at 10 ay sumasang-ayon dito. Sinabi nila na sila ay nakapaghanda at nakapag-adjust dahil mayroon silang training.

*Idinagdag pa ni Respondents 12 na ang paghahanda tulad ng mga pagdalo sa mga seminars at mga pag-aaral sa Youtube ay nakatulong: "kung papaano ang gagawin para makagawa ng mga aralin na magagamit sa virtual na klase…kung kaya ay naging madali sa akin ang pagsasalin ng aralin patungo sa virtual na klase".*

Ayon sa datos na nakuha sa mga tugon ng mga gurong respondents ang kanilang kahandaan sa pagtuturo online ay hindi sapat, lalu na at nagkabiglaan. Hindi naman madali ang isalin sa digital format ang mga teaching materials lalu na sa mga gurong di sapat ang digital at ICT skills. Hindi sila techy at walang masyadong kasanayan sa makabagong teknolohiya pang komunikasyon ang sa pagtuturo online. Sa kabuuang ang karamihan sa mga guro ay nagsasabing hindi sila ganap na handa, dahil nagkabiglaan. Bagaman ang ilan ay mayroon karanasan sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo at may pagsasanay o training para sa pagtuturo online ang mga ito ay hindi sapat sa isang biglaang pagpapatupad nito.

**2. Ano ang mga suliraning nararanasan ng mga guro na nagsisilbing hamon sa kanilang pagtuturo online?**

Ang themes 3 ,4 at 5 na nakalap sa mga tugon sa interbyu ng mga gurong respondents ay naghayag ng mga suliranin na nagsilbing hamon sa mga guro sa kanilang pagtuturo sa online.

**Theme 3. Connectivity at mga bagay na may kaugnayan sa aplikasyon ng teknolohiya sa pagtuturo online**

Ang connectivity ng mga guro at maging ng mga estudyante ay itinuring na suliranin naging hamon sa pagtuturo online. Ang lahat ng mga gurong respondents ay naghayag na ang suliranin hinggil sa komunikasyon sa pagitan ng guro at estudyante ay malaking hamon sa pagtuturo sa online. Ayon sa mga respondents, ang madalas na power interruptions at mahinang signal, walang load, unstable hanggang sa walang internet connections ay mga suliranin kaugnay ng connectivity na nabanggit ng mga respondents. Ito ay binigyan ng diin ni Respondent 12 bilang suliranin sa Pilipinas.

*Ayon sa kanya : "Isa sa naging suliranin na naaranasan ko na nagsilbing hamon sa pagtuturo online ay ang internet koneksyon sa Pilipinas. Lahat ata ay naging problema ito…".* Ayon naman kay Respondent 8 unstable internet connections at pati yung kaalaman sa iba'tibang aplikasyon at paggamit ng mga gadgets o teknolohiya ay mga suliranin na nagiging hamon sa kanya. Ang mga ito ay tinukoy rin na problema ng iba pang mga respondents. Ayon kay Respondent 1 ay madalas na

www.bpsu.edu.ph/PIJIS
ISSN 3028-1725 (Online)
Vol I, No.1, 2023
DOI 10.5281/zenodo.12754415

idinadahilan ng kanyang estudyante kung bakit hindi naka-online ay ang pagkawala ng koneksyon, na hindi niya pinaniwalaan noong una.

Sinabi niya na: "Kaya lang (siyempre) habang tumatagal tingin ko iyan ang pinakamalaking challenge…yong connection." At ito ay itinuturing nyang matinding hamon sa kanyang pagtuturo sapagka't; "… hindi ako sanay na walang kausap. Kasi parang ganoon e, hindi mo rin kasi ma-required na sa buong isang oras at kalahati nakabukas camera nila. Kasi sasabihin nila 'Sir naka-data lang po ako, mauubos na po data ko kaya kailangan kong mag-off ng camera' yung mga ganoon".

Connectivity rin ang laging suliranin na nararanasan ni Respondent 3 sa kanyang mga estudyante at maging sa sarili niya.

*Ayon sa kanya: " Hanggang ngayon ang palaging sagot ng bata is walang internet, mahina ang internet o walang gadget. Tapos iyong kapag nag-lockdown sa barangay nila, naranasan ko iyan e especially sa Mariveles. Hindi sila makapag-load ng internet kasi nga nag-data lang sila, hindi makalabas bawal naman talaga. Naranasan ko iyan noong karamihan ng case sa Mariveles, ang dami sa aking hindi nakakaattend online. Tapos kapag uma-attend naman ng online bigla ring nawawala, naubos na ang data, humina ang internet, maraming dahilan iyong bata."*

Nabatid mula sa mga tugon ng mga gurong respondents sa pag-aaral na ito, na ang koneksyon sa internet ay ang pinakamadalas na suliranin ng mga guro at maging ng kanilang mga estudyante. Ang suliraning ito ay nararanasan ng halos lahat ng mga guro at mga estudyante sa buong Pilipinas. Ayon kina na Belgica at kanyang mga kasama (2020), ang Pilipinas ay isa sa mga bansa sa Asya na may mabagal na internet. Wireless connectivity ay isang hamon sa lahat ng stakeholders sa online edukasyon sa bansa, kung saan may mga ulat na kailangan pang magtungo ang mga guro at estudyante sa mataas na lugar upang makakuha ng signal.

Inihayag ng nina Belgica, ang ulat ni Adonis (2020), na ipinalalagay ng mga guro na ang mabagal hanggang sa walang koneksyon ang isang dahilan sa mababang turnout ng mga mag-aaral. Ang mabagal at kawalang ng internet connection ay malaking hamon sa lahat kasama ang mga estudyante na nasa liblib na lugar. Ayon sa isang pag-aaral, nang ipinatupad ang online teaching/learning modality dahil sa pandemya, ang agwat sa pagitan ng mayroon connectivity at doon sa wala ay lumaki. Ang pagpapatuloy ng edukasyon sa panahon ng pandemya ay malaking hamon sa mga guro at estudyante lalu na sa áccess' at 'internet connectivity'(Dayagbil,F., et.al,2021).

**Theme 4. Walang interaction, walang interes o motibasyon at mga distractions**

Ang mga gurong respondents ay tiningnan ang pagkakaiba ng face to face sa online na platform ng pagtuturo sa pagtukoy ng mga challenges at suliranin na naging hamon sa kanilang pagtuturo online. Sinabi na ang kaibahan ng online sa face to face ay nakikita kung seryoso ang estudyante at maaaring agad makuha ang atensyon nito. Pero sa online, ayon kay

*Respondent 3 , "…hindi mo masabi kung nakikinig ba sila, hindi mo masabi kung seryoso ba sila". Hamon para sa gurong ito ang interactions sa pagitan ng guro at kanyang estudyante. Ipinaliwanag ni Respondent 3 na: "Iba kasi ang face to face talaga (eh), iba ang learning sa face to face, iba sa online…Sinasabi ko sa mga estudyante ko…ang pakiramdam*

www.bpsu.edu.ph/PIJIS
ISSN 3028-1725 (Online)
Vol I, No.1, 2023
DOI 10.5281/zenodo.12754415

*ko 50% lang ang naibibigay kong knowledge kapag online. Unlike sa face-to-face mayroon tayong interactions, nakikita ko sa inyong expressions Ninyo, kapag nag-activity kayo Ganado kayo kasi magkakasama kayo…"*

*Ganito rin halos ang pananaw ni Respondent 1. Ayon sa kanya ang pagkawala ng personal touch ang isang hamon sa mga guro sa pagtuturo online. Sinabi niya na: "…[a]ng pinakalimitasyon ng virtual natin, although hi-tech siya…pero para sa akin kulang ang personal touch, yung interaksyon ng guro at estudyante para sa akin iyon ang limitasyon..*

*Kasi kapag kaharap mo sila para sa akin (Maám) yung motivation mo sa pagiging teacher ay base sa expression nila, yung galaw nila sa klase, yung gestures nila, yung body language nila sa klase". Ayon naman kay Respondent 10, ay malaking hamon sa pagtuturo online ang limitadong interaksyon sa pagitan ng estudyante at guro at limitado rin ang mga group activities. Ito ay sinang-ayunan din ni Respondent 12 sa kanyang tugon sa interbyu.*

Sinabi niya na: :"…[m]ahirap din na hindi mo tahasang nakikita ang mga mag-aaral at limitado ang engagement during virtual classes". Kaakibat ng mga suliranin sa pagtuturo online ay ang mga abala o disruptions na nakaka-apekto sa focus at konsentrasyon ng mga estudyante dahil sila ay nasa bahay, Sinabi ni Respondent 2: "…minsan maririnig mo sa background, tinatawag ng nanay, siyempre kahit sabihin mong online class hindi maiiwasan nasa bahay (po) talaga ang bata. Tapos kahit tawagin mo (ma'am) hindi sumasagot ibig sabihin wala siya sa online." Iba't ibang gawain na nagiging abala sa pag-aaral ng mga estudyante kapag nasa bahay.

Ayon pa rin kay Respondent 3, "tatawaging ng parent o inutusan, pinagbantay dito, pinag-alaga ng kapatid…"

Ang ganitong mga abala sa mga magaaral ay hindi mapipigilan at ayon kay Respondent 4, ang focus ng mga estudyante sa pag-aaral ay di kontrol ng mga guro. Lalu na sa mga disruptions dala ng sitwasyon tulad ng tinawag ng magulang o may ginawang iba, ayon kay Respondent 5.

Napakaraming distractions sa kapaligiran sa bahay na nakakabawas sa focus at konsentrasyon sa pag-aaral ng mga bata. Ito ang binigyan pansin ni Respondent 7 sa pagtukoy sa mga disruptions sa class setting: *"Pagdating naman sa…class setting,yung mga estudyante kasi may mga…since"nasa bahay nauutusan ng magulang habang nagka-klase.*

Challenge rin iyon. Tapos yung ingay sa bata o teacher na nakatira doon, sa kagaya ko, tabing daan. May bumubusina, may tumatahol na aso, may umiiyak…" Suliranin sa mga guro ang kawalan ng interes ng mga estudyante sa pagaaral at ito ay napatunayan sa iba't ibang pag-aaral na tumalakay sa mga hamon at suliranin kaugnay ng pagtuturo online. Sa isang artikulo ay inihayag ni Shore (2020), na ang online ay isang mainam na platform sa pagtuturo subalit tinatanggal nito ang tinatawag na koneksyon sa pagitan ng guro at mga estudyante, kung kaya pati ang kanilang motibasyon, interaksyon at pati na rin ang kakayahan ng guro na makaagapay sa teknolohiya at course materials ay nawawala. Ang mga suliranin kaugnay sa learning o pagkatuto ng mga bata ay binigyan ng pansin ng ilang mga pag-aaral hinggil sa mga hamon sa online teaching and learning sa panahon ng pandemya. Sa isang pag-aaral ay

www.bpsu.edu.ph/PIJIS
ISSN 3028-1725 (Online)
Vol I, No.1, 2023
DOI 10.5281/zenodo.12754415

inihayag na ang kawalan ng interaksyon sa online class ay nagiging dahilan kung bakit madaling mabaling ang atensyon ng mga estudyante sa mga iba't ibang distraksyon tulad sa mga smartphones, alagang hayop o ano pa man na nakakaagaw ng pansin ng mga bata habang nagka-klase online.

Dahil wala ang interaksyon tulad ng sa "face to face", kung kaya sinasapantaha na mawawalan ng interes ang mga estudyante sa online class (Amadora,2020). Sa halos katulad na pag-aaral ay naghayag ng mga pananaw ng mga guro tungkol sa mga suliranin kaakibat ng pagtuturo online. Ayon sa mga datos na nakuha nina Moralista at Oducado (2020), ang mga estudyante ay hindi ganap na natututo sa online, at wala rin gaanong interaksyon sa pagitan ng guro at mga estudyante, at tulad ng pananaw ni Respondent 1 ang mga talakayan sa online ay impersonal at walang buhay, bukod pa sa may kahirapan i-manage at mataas na degree ng depersonalization. Ayon kina Belgica (2020) ang kawalan ng motibation at partisipasyon sa online classes ay isang mabigat na hamon sa mga guro at maging sa mga magulang ng estudyante. Di tulad ng sa face to face and mga guro ay may limitadong involvement sa pagdedesiplina sa mga bata at ito ay nalipat sa mga magulang sa online classes.

**Theme 5. Matrabaho, nakababad ng matagal sa mga devices tulad ng computer, laptop etc.**

Sa mga panayam sa mga gurong respondents ay masasalamit ang pananaw na nahihirapan sila sa pagtuturo online. Maliban sa mga binanggit na suliranin na naging hamon sa kanila, ay nasagap ang kahirapan sa mga guro sa pagtuturo online dahilang sa matrabaho at matagal na oras sa harap ng computer. Ito ay naging obvious sa mga pananalita ng mga gurong respondents.

Maliban kay Respondent 6, ang iba ay di tuwirang nagbanggit ng suliraning ito. Ayon kay Respondent 6: "…talagang mananakit ang mga mata mo kasi solo mo lahat ng trabaho. Gagawa ka ng online lesson, magse-send ka. Pag nagpa-exam ka ng online, tsetsekan mo ulit sa google classroom. Halos nakababad iyong mata natin…ang laki nga ng inilabo (po) ng mata ko…" 2. Ano ang mga expectations (inaasahan) ng mga guro sa pagtuturo online? Ang huling tanong sa pag-aaral na ito ay nagnanais malaman kung ano ang mga expectations o mga inaasahan sa pagtuturo online. Apat na themes ang nakalap sa mga katugunan ng mga gurong respondents sa tanong na ito.

**Theme 6 . Inaasahan na malinang ang responsible at individual or self-learning sa mga estudyante**

Buhat sa isang positibong pananaw, tinitingnan ng mga respondents ang magandang pagkakataon ma-improve ang pagkakatuto o learning ng mga bata. Inaasahan ni Respondent 1 na malinang sa mga estudyante yong responsible at self-and independent learning. Ayon kay *Respondent 1: "…tinignan ko siya sa positive side yung pagiging independent ng bata sa pag-aaral. Hopefully iyon sana ibig sabihin this time lalo na kung module. Kasi may asynchonous tayo yung respnsibility nila , para sa akin iyon ang nakita kong opportunity ang makita ang pagiging responsible student talaga"*

Hindi nalalayo ang pananaw ni Respondent 8 sa pagkakataon na malinang ang self o individual learning sa mga mag-aaral. Sa online class ay nagbubukas ng pagkakataon para sa

www.bpsu.edu.ph/PIJIS
ISSN 3028-1725 (Online)
Vol I, No.1, 2023
DOI 10.5281/zenodo.12754415

independent learning. Ang mga estudyante at maging guro man ay may access sa internet upang magsaliksik ng mga impormasyon na makakadagdag sa kanilang kaalaman.

Ayon kay Respondent 8: "Kasi di ba kapag may hindi tayo alam, pwede rin tayong mag-search. ..Ikaw mismo sa sarili mo i-develop ang independent learning. At saka yung mga idifferent application na kailangan natin matutunan. So gusto mong --try so aaralin mo siya. Iyon yung mga opportunities na nag-open para sa teachers as well sa students."

**Theme 7. Upgrade ang kaalaman at kakayahan gumamit ng mga teknolohiya gamit sa pagtuturo online**

Nakita ng mga gurong respondents na maraming oportunidad sa pagtuturo online ang makakatulong upang maragdagan ang kaalaman sa paggamit ng mga makabagong teknolohiya at kaalaman sa pagtuturo online.

> *Ayon kay Respondent 8: "yung exposure to a lot of resources,, kasi di ba gamit natin internet. Maraming available resources. At saka yung mga idifferent application na kailangan natin matutunan. So gusto mong --try so aaralin mo siya. Iyon yng mga opportunities na nag-open para sa teachers as well sa students."*
>
> *Magkatulad rin sila ni Respondent 8 sa inaasahan sa bunga ng online teaching. Sang-ayon sa kanya: "… ang nakikita ko lang na oportunidad is yung ma-upgrade yung teacher pagdating sa makabagong technology na nagaganap sa ating …lipunan. Halimbawa, paggamit …ng gadget na dati rati hindi naman (po) ginagamit ng teacher. Usually ano tayo data (Maám) manila paper, ngayon hindi na, pwede na siyang via-email, via video presentation. Upgraded na yung teacher hindi na siya yung traditional."*

Si Respondent 6 naman ay inaasahan na sa paggamit niya ng mga makabagong teknolohiya sa pagtuturo online ay maiaangat niya ang antas ng kanyang kaalaman sa mga ito. Katulad rin ni Respondent 12 ang pagtuturo online ay nagbigay ng pagkakataon gumamit ng teknolohiya at turuan maging mga mag-aaral na gamitin ng tama ang mga ito sa pag-aaral.

**Theme 8. Convenience, health safety,multi-tasking at time management**

Isa sa naging advantage ng online teaching sa mga guro ay ang pagkakaroon ng kontrol sa kanilang mga oras walang pressure.

Ayon kay Respondent 7: "…yong mayroon kang sapat na oras na hindi ka male-late. Tapos mayroon kang …pwede pang gawin. Kasi napo-program mo kung ano, kung kailang ka magsi-synchonous , kailan ka maga-asynchornous iyon. Tapos pwede …yong multitasking. Pwede kang mag multi-tasking, hindi katulad ng papasok talaga ng doon ka lang…parang kontrol mo naman iyong oras mo." Ang ganitong pananaw sa mga expectations na bunga ng pagtuturo online ay ang pagkakaroon ng panahon sa pamilya at ang kaginhawahan o convenience sa pagtuturo ay inayunan rin ni Respondent 5. Ayon sa gurong respondent na ito: "Ikaw bilang magulang nandoon ka na sa bahay. Pwedent ginagawa mo iyong responsibility mo bilang guro …yet kasama mo iyong family mo, advantage iyon". Isang mahalagang pananaw tungkol sa mga inaasahan sa pagtuturo online ay ang tungkol sa kalusugan. Isa sa naging dahilan ng biglaang shift mula sa tradisyonal na face to face patungo sa online modality ay ang pagkontrol sa pagkalat ng Corana Virus o COVID-19. Ito ang ay inaasahan sa paglipat mula sa face-to-face tungo sa online teaching ng mga gurong

www.bpsu.edu.ph/PIJIS
ISSN 3028-1725 (Online)
Vol I, No.1, 2023
DOI 10.5281/zenodo.12754415

respondents. Ayon kay Respondent 3, inaasahan niya sa online delivery ng pag-aaral ay maagkakaroon ng 'safety'o kaligtasan ang mga guro at mag-aaral sa corona virus at maiiwasan pa ang paglaganap pa nito. Sinabi niya na: *"Safety sa virus…iyong health ng both sides ng instructor at estudyante. Kasi iyong sa safety nila hindi na sila pupunta sa school, hindi sila nangangamba na baka mahawa ng covid… opportunity iyon lang nakikita ko yung isa related lang sa health na possible na hindi sila mahawa o magkahawaan.*

Iyon lang iyong ano mo, oo iyong safety kasi hindi ka umaalis ng baha". Sa pagsusuri sa mga tugon ng mga gurong respondents ay malalaman na hindi madali sa kanila ang magturo online, lalu pa nga at ito ay biglaan. Bagaman hindi masasabi na ganap na walang background ang mga ito sa paggamit ng mga teknolohiya at gadgets, pero sa biglaang shift mula sa tradisyonal patungo sa online ay marami sa mga guro ang nahirapan. Masasabi na di pa ganap ang pagtanggap sa pagtuturo online ng mga guro, subalit sa mga expectations o inaasahan nila mula dito ay may mga bentahe rin ang pagtuturo online nanakikita nila na kapakipakinabang sa mga guro at maging sa mga mag-aaral. Isa sa nabanggit ng mga guro ay ang pagkakataon malinang ang responsible,self or independent learning sa mga estudyante. Ang ganitong expectations ng mga guro ay hindi kalabisan.

Ayon sa isang artikulo na binanggit sa pag-aaral nina Dayagbil, Garcia at Olvido (2021), ang pandemyang ito ay nakabuo ng isang bagong platform sa pagtuturo at pag-aaral na kailangan tanggapin ng mga estudyante. Sa ganitong sitwasyon- sa virtual class, ang mga estudyante ay walang magagawa kundi tanggapin na ang responsibilidad para sa kanilang pagkakatuto, kailangan silang maging "self-directed", magde-desisyon kung ano ang dapat nila pag-aralan,kung gaano katagal ang kailangan nilang iguguol sa pag-aaral sa labas ng paaralan. Sa bagong setting, ang mga estudyante ay inaasahang magbasa, umunawa at sumunod sa mga gawain na walang gaanong patnubay ang kanilang mga guro. Sila ay mapipilitan na sundin ang tinatawag na 'self-directed independent learning'.

Inasahan ng mga gurong respondents ang pagkakaroon ng pag-aangat ng antas ng kanilang kaalaman sa pagtuturo online. Sa kanilang pagtuturo online ay napilitan sila na mag-aaral at gumamit ng mga teknolohiya at gadgets pangkomunikasyon. Maraming pag-aaral tungkol sa mga pagkakataon o oportunidad sa online teaching sa panahon ng COVID-19 pandemya para sa mga guro ang nagpapatunay dito. Ang transisyon mula sa tradisyonal na 'face-to-face'na pagtuturo tungo sa pagtuturo online ay nagbigay ng pagkakataon upang magsanay ng mga dalubhasa sa paggawa ng mataas na uri ng mga online teaching materials at pagaayos ng online platform (Dhawan,2020).

Ang karanasan sa paggamit ng mga online teaching applications at mga gadgets ay nagpapahintulot sa mga guro na matutunan ang iba't ibang software at platforms Kasabay ng pag-i-improve ng kanilang digital literacy skills. Naniniwala si Dhawan na ang pagtuturo online at pag-aaral sa panahon ng 'quarantine'na ipinatupad dahil sa COVID-19 ay nagbigay ng pagkakataon upang ma-enhance ang skills sa paggamit sa iba't ibang gamit at aplikasyon bukod pa sa pagkakaroon ng pagkakataon na ma-improve ang tinatawag na 'critical thinking'at problem solving skills'. Ayon sa datos na nakuha sa mga gurong respondents ay naging bentahe ng pagtuturo online ang ginhawa at kontrol sa kanilang oras . Sa mga pag-aaral ay tinukoy rin ito bilang outcome ng pagtuturo online. Sa mga datos ay ipinalagay ng

www.bpsu.edu.ph/PIJIS
ISSN 3028-1725 (Online)
Vol I, No.1, 2023
DOI 10.5281/zenodo.12754415

mga respondents na convenience o ginhawa ang pagtuturo online dahil sa ‘flexible na oras at lokasyon.

Ayon sa paliwanag ng gurong respondent sa pagaaral, ang isang magandang bunga ng pagtuturo online ay ang pagkakataon na imanage mo ang iyong oras dahil magagawa mo ang pagtuturo kahit saan. Ito rin ang nahalaw na pananaw sa isang pag-aaral tungkol sa online teaching. Ayon sa gurong respondent ang isa sa mga benefits ng online teaching ay ang pagkakataon na magtrabaho ka sa iyon kombenyente oras at sa lugar na komportable ka. Sa pagtuturo online hindi na kailangang maglakbay ka patungong paaralan kung mayroon kang pasok (Talidong & Toquero, 2021).

**Theme 9. Paraan ng pagpapatuloy ng pag-aaral sa panahon ng úncertainties’**

Inaasahan rin na magiging proactive na ang mga guro sa pagharap sa mga pagkakataon na magturo online kung may mga emergencies. Ayon kay Respondent 7: “Ang magandang opportunity naman dito yung continuity plan para sa academics na bigyan ng pagkakataon. Kasi hindi lang naman pandemic ang pwedeng mangyari sa future, pwede ring bagyo, disaster kagaya ng lindol. So kapag dumating iyon kagaya ng ibang mga sakuna, mayroon na tayong gagawin. Hindi papauwiin ang mga bata at isang linggong walang pasok, hindi na ganoon mayroon ng nakahandang virtual room, prepared videos, prepared modules na gagawin ng mga estudyante at ng teacher. Habang sa panahon na hindi tayo makakapunta sa school …" Ang ganitong pananaw ay sinusugan nina Belgica (2020). Ayon sa kanila ang ónline learning’ ay mainam na platform, upang maipagpatuloy ang pag-aaral at edukasyon ng mga bata sa panahon ng uncertainties o walang katiyakan.

## Konklusyon

1. Hindi sapat ang kahandaan ng mga guro sa biglaang shift mula sa face to face to online modality kung kaya ang adjustment ay hindi naging madali lalu doon sa walang sapat na kasanayan at karanasan sa pagtuturo online.
2. Ang mga suliranin ng mga guro sa pagturo online ay malaki ang epekto sa pagtuturo ng guro at higit sa pagkakatuto ng mga estudyante. 3. Nasa exploratory stage pa lang ang mga guro at unti-unti pa lang nilang natutuklasan ang mga opportunities at benefits na makakatulong upang maiangat rin nila ang antas ng kanilang kaalaman at kasanayan sa online platform. Ang online teaching ay isa rin mainam na platform na magagamit upang hindi mahinto ang pag-aaral kahit sa panahon ng mga emergencies hatid ng mga kalamidad maging sanhi ng kalikasan o tao man. Rekomendasyon Kailangang ang suporta sa patuloy na upgrading ng kaalaman at kasanayan ng mga guro upang maka-agapay sa dikta ng pangangailangan hinihingi ng panahon tulad ng paggamit ng makabagong teknolohiya para sa online teaching and learning modality. Pangangailangang ng pagtutulungan ng lahat ng mga stakeholders sa pangunguna ng mga academicians at mga faculty members upang maisaayos ang mga syllabus na outcome-based teaching ang learning strategies tungo sa isang flexible learning platforms na tutugon sa mga suliranin ng kawalang ng interes at motibasyon ng mga estudyante sa

www.bpsu.edu.ph/PIJIS
ISSN 3028-1725 (Online)
Vol I, No.1, 2023
DOI 10.5281/zenodo.12754415

pag-aaral online. Pagtutulungan ng mga educational institutions, ng pamahalaan at maging pribadong sektor upang makapagbuo ng mga infrastructure o upgrading ng mga nariyan ng mga technological infrastructure upang matugunan ang suliranin tungkol sa mabagal na internet connections na siyang pangunahing medium ng komunikasyon sa pagtuturo at pagkatuto online. Sa huli, ipinapanukala na mas malawak na pag-aaral na titingnan ang mga hamon ng online edukasyon buhat sa perspective ng di lamang mga guro, kundi maging ng mga mag-aaral at mga magulang. Ang mga output ng mga pag-aaral ay makakatulong upang makabuo ng informed decisions na ma-improve ang paghahatid ng pagkatuto or learning ng mga estudyante sa pag-aaral at pagtuturo online. Bunga ng mga panukala kaugnay ng resulta ng pag-aaral ay inihahain ng may-akda ang isang strategic plan upang matugunan ang pangangailangan iangat ang antas ng pagtuturo gamit ang mga makabagong information communication technology.

## Rekomendasyon

Kailangang ang suporta sa patuloy na upgrading ng kaalaman at kasanayan ng mga guro upang maka-agapay sa dikta ng pangangailangan hinihingi ng panahon tulad ng paggamit ng makabagong teknolohiya para sa online teaching and learning modality. Pangangailangang ng pagtutulungan ng lahat ng mga stakeholders sa pangunguna ng mga academicians at mga faculty members upang maisaayos ang mga syllabus na outcome-based teaching ang learning strategies tungo sa isang flexible learning platforms na tutugon sa mga suliranin ng kawalang ng interes at motibasyon ng mga estudyante sa pag-aaral online. Pagtutulungan ng mga educational institutions, ng pamahalaan at maging pribadong sektor upang makapagbuo ng mga infrastructure o upgrading ng mga nariyan ng mga technological infrastructure upang matugunan ang suliranin tungkol sa mabagal na internet connections na siyang pangunahing medium ng komunikasyon sa pagtuturo at pagkatuto online. Sa huli, ipinapanukala na mas malawak na pag-aaral na titingnan ang mga hamon ng online edukasyon buhat sa perspective ng di lamang mga guro, kundi maging ng mga mag-aaral at mga magulang. Ang mga output ng mga pag-aaral ay makakatulong upang makabuo ng informed decisions na ma-improve ang paghahatid ng pagkatuto or learning ng mga estudyante sa pag-aaral at pagtuturo online. Bunga ng mga panukala kaugnay ng resulta ng pag-aaral ay inihahain ng may-akda ang isang strategic plan upang matugunan ang pangangailangan iangat ang antas ng pagtuturo gamit ang mga makabagong information communication technology.

www.bpsu.edu.ph/PIJIS
ISSN 3028-1725 (Online)
Vol I, No.1, 2023
DOI 10.5281/zenodo.12754415

**Talasanggunian**

Allen, I. E., & Seaman, J. (2014). Grade change: Tracking online education in the United States. Newburyport, MA: Sloan Consortium.

Amadora,M.(2020).Common problems that occur during online classes. https://mb.com.ph/2020/09/18/common-problems-that-occur-during -onlineclasses/

Belgica,C.C.Calugan,Janice,Dun0,Juliet & Simber,L.A. (2020). Önline distance learning:thematic study on the challenges faced by Educare College Inc.Primary Pupils". 3rd. International Conference on Advanced Research in Education, Teaching & Learning.

Bhagat,Sarbottam & Kim,Dan J. (2020)." Higher education amidst COVID-19: Challenges and Silver Lining"". Journal Information Systems Management. Vol.37. Issue 2 .https://www.tandfonline.com/doi/full/10.1080/10580530.2020.1824040 Chege,Lucas Munanu (2014)."Factors Influencing Teachers 'Readiness to use ICT in Teaching in Public Secondary schools in Gatundu North District, Kiambu County, Kenya". Master of Distance Education. University of Nairobi.

Cutri, R., Mena, J.& Whiting,E. (2020). "Faculty readiness for online crisis teaching:transitioning to online teaching during the COVID-19 pandemic". European Journal of Teacher Education. Retrieved from https://www.tandfonline.com/loi/cete20

Dayaagbil, Filomena,Palompon,Daisy, Garcia,L. & Olvido,M. (2021).”Teaching Teaching and learning Continuity Amid and beyond the Pandemic". Frontiers in Education. Doi:10.3389/feduc.2021.678692

Dhawan, S. (2020a). Online learning: A panacea in the time of COVID-19 crisis. Journal of Educational Technology Houlden, S., & Veletsianos, G. (2020). Coronavirus pushes universities to switch to online classes — But are they ready? The Conversation. .https://theconversation.com/coronavirus-pushes-universities-to-switch-toonline- classesbut-are-they-ready–132728

Joaquin,J., Biana,H.,& Dacela (2000). " The Philippine Higher Education Sector in The Time of Covid-19". Frontiers in Education. Doi:10.3389/feduchttps://www.frontiersin.org/research-topics/13934/education-leadership-and-the-covid-19-crisis.2020.576371.

Kebritchi, M., Lipschuetz, A., & Santiague, L. (2017). Issues and challenges for Teaching successful online courses in higher education: A literature review. Journal of Educational Technology Systems, 46(1), 4-29. doi: 10.1177/0047239516661713

Major, Claire H. (2015). Teaching online: a guide to theory, research and practice. Baltimore: Johns Hopkins University Press.

Malindog-Uy, Anna Rosario. (2020). "Blended learning in Virus-Hit Philippines." The Asean Post. June 7,2020.https://theaseanpost.com/article/blended-learningvirus-hit- Philippine.

Moralista,Rome & Oducado,Ryan. (2020). "Faculty Perception toward Online Education in a State College in the Philippines during the Coronavirus Disease 19 (COVID19) Pandemic". Universal Journal of Educational Research.

www.bpsu.edu.ph/PIJIS
ISSN 3028-1725 (Online)
Vol I, No.1, 2023
DOI 10.5281/zenodo.12754415

Doi:10.13189/ujer.2020.081044

Mouza,Chrystalla.(2020)."Editorial: Teachers and Technology: Opportunities and Lessons learned Amidst Covid-19". Contemporary Issues in Technology and Teacher Education. Vol.20.(2).

Naji,K.,Du,Xiangyun,Tarlochan,F.,Ebead,U.,Hasan,M & Al-Ali,A.(2020). "Engineering Students' readiness to transition to Emergency Online learning in Response to Covid- 19:Case of Qatar". Eurasia Journal of Mathematics,Science and Technology Education.Vol.16(10).https://doi.org/10.29333/ejmste/8474

Schafer, Christine L., (2012). "Online Learning and the Process of Change: The Experiences of Faculty and Students at a Two-Year College". Education Doctoral Dissertations in Leadership. 23.https://ir.stthomas.edu/caps_ed_lead_docdiss/23

Scherer,R., et al (2021). "Profiling teachers'readiness for online teaching and Learning in higher education" who's ready?" ScienceDirect, Elsevier.Vol.118.

So, Koon Keung Teddy and Swatman,P. (2010)."Diminishing influence of age and gender on e-learning readiness of teachers in Hong Kong." researchgate.net/publication.

Talidong, K. J. B., & Toquero, C. M. D. (2021). Facing COVID-19 through Emergency Online Education Anchored in Khan’s Framework: Case of Philippine Teachers in Xi’an, China. European Journal of Interactive Multimedia and Education, 2(1), e02104. https://doi.org/10.30935/ejimed/9683

Tria, Jose,Z. (2020). "The Covid-19 Pandemic through the lens of education in the Philippines: the New Normal". International Journal of Pedagogical Development And Lifelong Learning. Vol.1(1). https://www.ijpdll.com

UNESCO (2020). Global Monitoring of School Closures caused by COVID-19. Retrieved from https://en.unesco.org/covid19/educationresponse

Ventayen, Randy Joy Magno, Teachers’ Readiness in Online Teaching Environment: A Case of Department of Education Teachers (September 6, 2018). PSU Journal of Education, Management and Social Sciences, Volume 2, Issue 1, 2018.

Zhong, R. (2020). The coronavirus exposes education’s digital divide. https://www.nytimes.com/2020/03/17/technology/